

## 1. Pag-iwas sa Impeksyon Pagkatapos Mabakunahan Laban sa COVID19.

Ang bisa ng alinmang bakuna laban sa kahit anong uri ng sakit ay hindi 100%. Kahit nakatanggap na ng

bakuna laban sa COVID19 ay may posibilidad pa rin na mahawaan. Ito ay tinatawag na “BreakThrough Infection”.

Kahit na natapos ng makatanggap ng dalawang dosis ng bakuna ay dapat pa ring ipagpatuloy ang paggawa ng mga

pangunahing hakbang sa pag-iwas sa impeksyon tulad ng pagsuot ng facemasks, bentilasyon ng lugar na kinaroroonan

at paghugas ng kamay.

Bilang partikular, iwasan muna ang pagdalo sa mga iba’t ibang kaganapan kung saan maraming tao ang nagtitipon at

minsan ay nagsisigawan o kasayahang maraming alak na inumin.

Hinihingi ang kooperasyon ng lahat.

## 2. Bahagyang Subsidya sa Bayarin sa Pagpapabakuna sa Influenza

Bagamat ang trend ngayon ay ang patuloy na pagbaba ng bilang ng kumpirmadong kaso ng may COVID19, may pangamba na sabay-sabay ang pagkakaroon ng epidemya na ang isa ay dulot naman ng Influenza o trankaso.

Dahil halos wala masyadong kaso ng impeksyon ng Influenza noong nakaraang tag-lamig, may posibilidad na

lumaganap ito ngayon sa kahit anong lugar. Kaya dapat isaalang-ala ang pagpapabakuna laban sa Influenza.

Ang lungsod ng Tochigi ay nagbibigay ng bahagyang subsidya sa bayarin sa pagpapabakuna laban sa Influenza

mula noong umpisa Oktubre. Ibibigay ang subsidya na nagkakahalaga ng 2,500 ¥ para sa pagpapabakuna ng

Influenza mula sa mga batang anim na buwan hanggang sa mga mag-aaral na nasa ikalawang baiting ng elementarya.

Gayundin, sa mga may edad 65 taong gulang pataas ay ipagkakaloob ang 3,500 ¥ na halaga ng subsidya sa pagpapabakuna

ng Influenza. Ang pagpapabakuna ay igagawad sa mga iba't ibang pagamutan ng lungsod. Bayaran ang halaga ng pagpapabakuna

na kung saan naibawas na ang subsidiyang naibigay ng lungsod sa counters ng mga nasabing pagamutan.

Kailangan ang reservations sa pagpapabakuna kaya dapat munang ipagbigay alam at humingi ng appointments para mabakunahan.

Para naman sa mga hindi eligible sa subsidy ngunit nais pa ring mabakunahan ay maaaring mag pareserve pagkatapos na ng ika-26

ng Oktubre.

Ang pagpapabakuna para sa Influenza ay maaari ng ibigay sa mga nakapagbakuna na ng pangalawang dose ng COVID19 vaccine pag-

katapos ng dalawang linggo.

Upang maiwasan ang pagkakasakit dulot ng Influenza ay dapat din na tiyakin ang social distancing, pagsuot ng facemask at ang mariing

paghugas ng mga kamay. Ito ay ang pangunahing kaalaman sap ag-iwas ng impeksyon.

### 3. Ang Pagdaraos ng Momiji Festival sa Mt.Ohira

Idaraos ang Momiji Festival sa Mt. Ohira mula ika-18 ng Nobyembre hanggang ika-5 ng Disyembre.

Habang patuloy ang tag-lagas o autumn season ay unti-unti ng nagiging pula ang Ohira San na kung tawagin nila ay “Kouyou”. Ang mga puno ng kahoy na nagiging pula, dilaw o orange ang kulay ay ang Momiji o Kaede trees. Ito ay ang tinutukoy na mga puno na may autumn leaves ng Japan. Tanyag ang “Kouyou” ng Ohira San na malapit sa tuktok nito ang lugar na kung tawagin ay “Kenshin Daira”. Gayundin, mula sa Kenshin Daira ay matatanaw ang kapatagan ng Kanto na may napakagandang tanawin. Sa isang magandang panahon sa araw ng tag-lagas ay maaring makita ang Mt.Fuji sa di kalayuan.

Ang napakainam na panahon upang makita ang mga dahon sa tag-lagas sa taong ito ay inaasahang mula sa kalagitnaan ng Nobyembre hanggang sa unang bahagi ng Desyembre.

Sa masayang pagmamasid ng “Kouyou” o Autumn Leaves ay nararapat pa ring tiyakin ang distansya sa pagitan ng ibang tao, tahimik lamang at iwasan ang pakipagsiksikan.